# GABAY SA MABILIS NA PAGSISIMULA

## Pagtuturo ng mga Cornerstone Course ng Institute

### BAGO MAGTURO

- Pag-aralang mabuti ang pambungad sa materyal ng titser.
- Magtakda ng oras na matalakay mo sa iyong coordinator o institute director ang iyong assignment, ang mga estudyante, ang kurso, at anumang tanong mo.
- Manalangin na patnubayan ka para matulungan mo ang iyong mga estudyante na lumapit kay Cristo at maging higit na katulad Niya.

### BUOD NG MGA CORNERSTONE COURSE

- Ang mga Cornerstone course na ito ay ginawa upang tulungan ang mga estudyante na magkaroon ng mga karanasang hahantong sa pagbabalik-loob bago, sa oras, at pagkatapos ng talakayan sa klase.
- Ang bawat lesson ay binubuo ng materyal sa paghahanda at materyal ng titser.
  - **Materyal sa Paghahanda:** nilayon na ihanda ka at ang iyong mga estudyante para sa klase, nakapaloob dito ang pinagmulang impormasyon, mga banal na kasulatan, mga turo mula sa mga lider ng Simbahan, mga tanong o ideya na naghihikayat ng mas malalim na pag-aaral, at mga karagdagang resources para mas mapagbuti pa ang pag-aaral.
  - **Materyal ng Titser:** nilayon na tulungan ka na anyayahan ang mga estudyante na ibahagi at talakayin ang mga natutuhan nila sa kanilang paghahanda, tulungan silang mapalalim ang kanilang pag-unawa at patotoo tungkol sa Panginoon at sa Kanyang ipinanumbalik na ebanghelyo, at anyayahan silang kumilos.
- Isaisip ang sumusunod na mahahalagang layunin ng kurso na kinakailangang magawa habang nakatuon ka sa mga learning experience ng mga estudyante at hindi lamang basta nagtuturo ng mga lesson.

| MAGHANDA | MAKIBAHAGI | KUMILOS |
|---|---|---|
| • Ang mga estudyante at mga titser ay naghahanda para sa klase sa pamamagitan ng pagsunod sa inilaang gabay sa materyal sa paghahanda.<br>• Tumutulong ang mga materyal sa paghahanda na mapalalim ang pag-aaral ng mga estudyante at maihanda sila na ibahagi sa klase ang mga natutuhan nila. | • Umaasa ang mga titser sa paghahanda ng mga estudyante para lalo pa silang mapalahok sa talakayan at sa pag-aaral at matulungan na mapalalim ang kanilang kaalaman.<br>• Ang paghahanda at partisipasyon ng mga estudyante ay nagbibigay ng mas maraming oras sa klase para matalakay at mabigyang-diin ang pagpapamuhay sa mga alituntuning natalakay. | • Inaanyayahan ang mga estudyante na pag-isipan kung paano ipapamuhay ang natutuhan nila at pagkatapos ay kumilos.<br>• Ang pagbibigay-diin sa pakikibahagi sa klase at pagpapamuhay ng mga natutuhan ay tumutulong sa mga estudyante sa kanilang pagsisikap na maging higit na katulad ng Ama sa Langit at ni Jesucristo. |

### KASUNOD NA MGA INSERVICE EXPERIENCE

- Patuloy kang magkakaroon ng mga pagkakataon na matalakay sa iyong coordinator o institute director ang mga natututuhan mo, magtanong tungkol sa iyong assignment, at magpraktis para mas mapahusay ang iyong pagtuturo.
- Maaari mong gamitin ang mga hanbuk at training ng Seminary at Institute na gagabay sa iyo habang pinag-aaralan mo ang mga alituntunin at pinapraktis ang mga kasanayan na makatutulong sa iyo bilang titser.

ANG SIMBAHAN NI
JESUCRISTO
NG MGA BANAL
SA MGA HULING ARAW

© 2020 ng Intellectual Reserve, Inc. Lahat ng karapatan ay nakalaan. Bersyon: 4/20. PD60011179 893